

To ‘Mgo ‘Yagong ‘Likat Di’yàt Kina’iyahan: (Mga Tinig Mula Sa Kalikasan) Pagpapanatili Ng Magandang Kalikasan Ng Mga Manobo Sa Loreto, Agusan Del Sur, Mindanao

DIDITH P. BROWN, PhD

College of Humanities and Social Sciences
Caraga State University
Ampayon, Butuan City, Caraga Region
Mindanao, Philippines
<https://orcid.org/0009-0003-6456-1261>,
didithpbrown@yahoo.com,

Abstrak — Nilayon ng papel-panana-likasik na ito na lumikom at sumuri ng mga pasalitang panitikang pangkalikasan ng mga Manobo sa Loreto, Agusan del Sur, Mindanao, gamit ang lente ng ekokritisismo upang matukoy ang mga pangyayaring nagsasaad ng patuluyang pagpapanatili ng magandang kalikasan.

Disenyong kwalitatibo ang ginamit. Metodong indehinus at deskriptibong pamaraan naman sa paglikom, pag-interbyu, pagsiyasat at pag-analisa ng datos. Ang mga impormante ay napili sa pamamagitan ng kombinasyong purposive at snowball sampling.

Natuklasan na may labing apat (14) na pasalitang panitikan mula sa lawampu’t walong (28) nalikom na kuwentong bayan ang nakitaan na pagpapanatili ng kalikasan ng mga Manobo sa Loreto.

Mula sa dinalumat na mga anyo ng kalikasan gamit ang to ‘mgo ‘yagong ‘likat di’yàt kina’iyahan o mga tinig sa kalikasan, natuklasan na sa bawat anyo ay may natatanging kakanyahan sa pag-iingat ng kalikasan sa pamamagitan ng tagakuwento upang turuan ang mga kabataan na mahalina ang kanilang namanang magandang kalikasan.

Mga Susing-Salita — Manobo, Kuwentong-Bayan, Ekokritisismo, Pagpapanatili

I. Introduksyon

Isa sa mga produktong kultural ng mga Manobo sa Loreto ang to ‘mgo ‘yagong ‘likat di’yàt kina’iyahan o mga tinig sa kalikasan samakatwid, isang kuwentong bayan na naglalaman ng kanilang pang-araw-araw na karanasan. Nabuo ang to ‘mgo ‘yagong ‘likat di’yàt kina’iyahan sa pamamagitan ng pakikipagsu’gilon o is’turya o salaysay ng mga Manobo sa kanyang kapwa. Kuwentuhan ang ibig sabihin ng salaysay. Nakatutulong ito upang malaman ang kanilang mga danas o karanasan sa kanilang tribu at ang kanilang pakikipag-ugnayan sa kanilang palibot. Mailarawan ang salaysay na may katuturan ang mga nilalaman nito. Pinagsikapan ng mga Manobo na damahin ang kausap habang siya ay pinakinggan. Sa pamamagitan nito, malaya niyang

naipahayag ang kanyang saloobin at mga paniniwala dahil hinuhulma siya nito ng kanyang karanasan (Tatel, 2018:43).

Kaugnay sa binanggit ni Iseke (2013) na ang pakikipagsalaysay sa kausap ay isang paraan na maipahayag din ang karanasan ng mga katutubo sa pakikipag-ugnayan sa kanilang palibot at pagbabahagi ng mga katutubong ispiritwal. Malaki ang kanilang paniniwala na kapag ang ibinibahagi o isinalaysay ang kanilang karanasan sa pang-araw-araw, ito ay banal o sagrado katulad kung paano nabuo ang kanilang komunidad dahil may nagbabahagi. Ganito rin ang punto nina Mendoza at Barbosa (2020) na ang pagkukuwento ng mga Obo Manobo ng Kabakan, Cotabato, sa bisa ng pakikipag-usap o pakikipagkuwento, nagbibigkis sa kanila ang kahapon at ngayon:

Storytelling for the Obo Manobo people is one of the ancient methods of communicating and interpreting their experiences. The stories they share are often recollections of the old times. Thus, storytelling plays a crucial part in the sharing of knowledge of the past among their people today as it allows them as listeners to be transported to another time and place. We tend to see that memories of certain stories sustain throughout people's lives and these tales are passed on shared with others, Thus, the beliefs, norms, social practices and worldviews of a particular society are communicated through generations.

Maliwanag na ipinapakita sa pahayag na napapanatili ng bawat henerasyon ang mga paniniwala, kaugalian, kasanayan sa lipunan at mga pananaw sa mundo sa pamamagitan ng pakikipagkuwento o pakikipagsalaysay.

Sa proseso ng pagbasa ng panitikan malinang ang mga kamalayang pang-ekolohiya ng mga mag-aaral at magkaroon ng pagpapahalaga sa Inang Kalikasan. Dahil dito, mahalaga ang papel ng panitikan ng edukasyon upang maging aktibo sa pakikilahok ang bagong henerasyon sa mga kilusan ukol sa pangangalaga ng kalikasan (Mishra, 2016).

Ang lahat ng mga isinalaysay o ibinahagi ng mga Manobo ay pinagsisikapang mapanatili sa pamamagitan ng paggawa ng komiks upang gagamitin sa loob ng klasrum at maibahagi sa mga hindi Manobo upang malaman nila na ang mga Manobo sa Loreto ay may mga natatanging kuwentong bayan ukol sa kalikasan na napapaloob sa kanilang produktong kultural katulad ng to 'mgo 'yagong 'likat di'yàt kina'iyahan o mga tinig sa kalikasan.

Kaya, sa pag-aaral na ito ay nilalayong malikom at mapanatili ang ilang mga panitikan ng mga manobo sa lalawigan ng Loreto, Agusan del Sur dahil unti-unti na itong nawawala. Bukod rito, wala pang pag-aaral na gumagawa patungkol sa ecocriticism ng mga Manobo sa naturang lugar.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na idokumento ang mga pasalitang panitikang pangkalikasan ng mga Manobo na matatagpuan sa lalawigan ng Loreto, Agusan del Sur. Suriin at analisahin ang kanilang relasyon sa kalikasan at kapaligiran mula sa kanilang mga pasalitang panitikan. Sa pagsasakatuparan ng layuning ito, sinikap masagot ang tanong na kung paano pinanatili ang mapayapang buhay at magandang kalikasang iniingatan ng mga Manobo sa Loreto.

TEORETIKAL NA BATAYAN

Makahulugan ang bawat salitang namutawi sa bawat bibig ng mga Manobo. Ang kanilang mga boses ay parang isang bangkaw na maaaring makapatay lalo na kung ang pag-uusapan ay ang pag-aaruga sa kalikasan at kapaligiran. Ang bawat hibla ng pangayayaring nagaganap sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay sa kalikasan ay nakatala sa kanilang pasalitang panitikan, samakatwid, ang mga Manobo ay nabubuhay kasama ang kalikasan at ng kanilang kapaligiran. Ang mga genre ukol sa kalikasan na napapaloob sa to 'mgo 'yagong 'likat di'yàt kina'iyahan o kuwentong bayan gaya ng mga alamat, pabula, salaysayin at mito, ay mga katibayan na ang kalikasan ng mga Manobo at ng kanilang mga kuwentong bayan ay may ugnayan sa isa't isa. Bagaman, ang konsern ng ekolohiya at ang pagpapatuloy sa maling pamamalakad kaugnay sa pakikitungo ng mga tao sa kalikasan ang dahilan na umusbong ang tinatawag na ekokritisismo. Upang mas maintindihan ang kahulugan ng ekokritisismo o ecocriticism sa salitang englis na pinaikli mula sa salitang ecological literary criticism, alamin muna ang kahulugan nito. Ang salitang ecocriticism ay nagmula sa eco at critic na kapwa kinuha sa wikang Griyego, oikos at kritis. Ang ibig sabihin ng oikos ay "bahay," o "tahanan," at ang kritis naman ay "pagpasya" o house judge (Howarth, 1996:69). Habang ang kritos naman ay "tagapagpasya" o "arbiter of taste" (Glotfelty at Fromm). Ibig sabihin, pinagpasyahan ng tagahukom ang mga katangian at pagkamatapat na mga likha sa loob ng bahay o tahanan upang mapanatili ang kaayusan ng mapayapang buhay sa daigdig.

Unang umusbong ang ecocriticism o ekokritisismo sa Amerika bilang teoryang pampanitikan noong mga huling taon ng 1980 na pinalaganap ni Cheryl Glotfelty (1996). Ito ay pagbibigay-tuon sa kagandahang dulot ng kalikasan kaya taglay nito ang katangiang paghanga at pagdiriwang sa kalikasan. Sa katunayan, isinama sa kurikulum ng mga kurso sa literatura ang mga pag-aaral tungkol sa kapaligiran. Ang ibang eskuwelahan ay nagsimula ring magbukas ng mga departamento o programa sa kalikasan at kultura, samantalang ang iba naman ay nagbukas ng mga kursong maynora sa Environmental Literature. Dumating naman ito sa bansang Britanya noong 1990 na pinangunahan naman ni Jonathan Bate (Barry 2002, p. 160) na tinatawag naman na Green Studies na may higit na empasis sa paglimi sa mga distraksyon o panganib dala ng tao sa kalikasan. Makikita na magkaiba ang prinsipyo ng dalawang bansang Amerika at Britanya ukol sa ekokritisismo. Sa Amerika, namayani ang romantikong apilasyon sa kapaligiran kaya higit na namamayani ang pagdiriwang sa kagandahang dulot ng kalikasan sa tao samantala sa Britanya, higit nilang ipinapakita ang pakikipaglaban sa ekolohiya. Ang magkaibang konsepto ng dalawang

bansa ng mga ekokritiko ay binigyang paliwanag ni Fenn (2015:114) sa kanyang artikulong *Roots of Ecocriticism: An Exploration of the History of Ecocriticism, a Literary Theory of The Post-Modern World*, “Hindi lamang ang harmoniya ng sangkatauhan at kalikasan ang isinasaad ng ekokritisismo, bagkus pinag-uusapan din nito ang kapahamakan ng kapaligiran dala ng mga pagbabagong naganap na likha rin ng tao.”


Maipapakita sa pananaliksik ang mga paraan sa pangangalaga at pananatili ng kalikasan ng mga Manobo sa pamamagitan ng ekokritisismo kung saan susuriin kung paano napangalagaan at napanatili ang mapayapang buhay at magandang kalikasan batay sa kanilang mga pasalitang panitikan.

KONSEPTWAL NA BATAYAN

Malaki ang papel ng isang panitikan na may kaugnayan sa kalikasan upang ipakita at imulat sa tao ang naging kalagayan ng mundo. Gayunpaman, kakaunti pa lang ang nagsisimulang suriin sa pamamagitan ng panitikan ang paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga Manobo sa kapaligiran.

Sentro sa pananaliksik na ito ang pagsusuri sa kalikasan ng mga grupong Manobo sa Loreto, Agusan del Sur. Sinuri mula sa panitikan ng mga Manobo ang uri ng pakikipag-ugnayan ng tao sa kalikasan. Nilimi ang mga pangyayari na nagsasaad ng pananatili ng mapayapang buhay at magandang kalikasan ng mga Manobo.

Nakabatay ang pananaliksik na ito sa konseptong pagpapanatili ng mapayapang buhay at magandang kalikasan ng mga Manobo na nakita at naaninag sa lahat ng mga nakolektang pasalitang panitikan na may kaugnayan sa kalikasan.



Figur 1. Iskima ng Paradaym ng Pag-aaral

Binigyang diin sa pag-aaral na ito ang pagdokumento at pagtiyak sa pakikipag-ugnayan ng tao sa kalikasan na makikita sa mga kuwentong bayan ng mga Manobo sa Loreto, Agusan del Sur. Makikita ang unang kahon na napaloob sa bilog ang mga kuwentong bayang nakalap ng mga Manobo sa Loreto, Agusan del Sur. Sa pagsusuri gamit ang lente ng ekokritisismo, natuklasan na may anim na mga anyo ng kalikasan gaya ng kalawakan, katubigan, kalupaan, kagubatan, pananim at hayop. Nilimi ang mga anyo ng kalikasan upang malaman at maipalutang ang mga pangyayaring nagsasaaad ng kultural na pagpapanatili ng kalikasan. Ang mga salitang daigdig ng mga Manobo at kalikasan na napapaloob sa bilog ay may ugnayan sa isa't isa. Tanda ito na mas ninais ng mga Manobo na sila ay manirahan sa kandungan ng kalikasan para sa kanilang kaligtasan kaya nagkaroon ng isang malalim na koneksyon sa pagitan ng mga Manobo at ng kalikasan. Ito ang mahigpit na ugnayang Manobo-kalikasan dahil ito ay napanatili ng mga Manobo sa pamamagitan ng kanilang namanang paniniwala upang maipasa sa mga sumusunod na henerasyon.

II. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay isang disenyong kwalitatibo. Metodong indehinus at deskriptibong pamaraan naman sa paglikom, pag-interbyu, pagsiyasat at pag-analisa ng mga datos. Ang mga impormante ay napili sa pamamagitan nng kombinasyong purposive at snowball sampling. Ang nasabing impormante ay nabibilang sa edad na limampu (50) taong gulang pataas.

Ang kasalukuyang mananaliksik ay humingi ng pahintulot mula sa Opisina ng NCIP (National Commission on Indigenous Peoples o Pambansang Komisyon ng mga Katutubong Mamamayan) upang tulutang magkaroon ng Karapatan sa Malaya, Nauuna, at Napaalamang na Pagsang-ayon o Free Prior and Informed Consent (FPIC). Naisakatuparan naman ang nasa nilalaman ng FPIC na ang mananaliksik ay pinahintulatang makakuha ng mga larawan at pagrekord ng kanilang mga isinalaysay.

Diskriptibo at kontent analisis naman ang ginamit sa pagsusuri at interpretasyon o pagpapakahulugan ng mga pasalitang panitikang pangkalikasan ng mga Manobo. Ito ay pagpapakita sa tunay na larawan ng kasalukuyang kalagayan ng mga bagay-bagay sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga nakalap at nadokumentong kwentong bayan sa proseso ng pananaliksik.

ANG MGA IMPORMANTE

Ang mga impormante ay pinili batay sa kombinasyong purposive at snow-ball sampling. Purposive sampling sapagkat kakaunti lamang ang bilang ng mga matatandang nabibilang sa edad na limampu (50) pataas at tutukoy na rin ang mga ito sa mga lugar ng pag-aaral. Samantalang, ginamitan din ng snow-ball sampling kung saan ang mga naunang impormante ay tumukoy ng iba pang kakilala nilang maaaring maging impormante na pumasa sa binuong krayterya. Ang paraang ito ay patuloy hanggang sa maaabot ang sapat na impormasyon.


Ang mga krayteryang isinaalang-alang sa pagpili ng mga impormante ay ang mga sumusunod: 1) katutubo/indihenus na Manobong sumusunod pa sa kulturang Manobo; 2) may edad na limampung (50) taong gulang pataas; 3) ipinanganak, lumaki, nakatira at nabibilang sa lupaing ninuno (ancestral domain); 4) hindi lumipat o nanggaling sa ibang lugar maliban sa bayan ng Loreto; at 5) maalam sa kulturang Manobo lalong-lalo na sa IKSP ng nasabing tribo.

Sa pag-aaral na ito, labing anim (16) ang napiling mga impormante dahil ito lamang ang nakatutugon sa naturang krayterya.

LUGAR NG PAG-AARAL

Tahanan ng mga Lumad ang Agusan del Sur dahil dito matatagpuan ang mga pangkat Manobo, Higaonon, Banwaon, Mamanwa, Mansaka/Mandaya at Talaandig. Batay sa nakuhang kopya mula sa Opisina ng Lalawigan sa Loreto, ang Provincial Development Council, Resolution No.01, Series ng 2010:20, na nagsasaad na ang mga Manobo ang pinakamataas na bilang sa lahat ng mga pangkat etniko na naninirahan partikular sa bayan ng Loreto, Agusan del Sur.

Makikita sa ibaba ang mapa ng Lalawigan ng Agusan del Sur.



Figur 2. Mapa ng Agusan del Sur

(Kuha ang larawan mula sa Opisina ng Lalawigan sa Loreto)

Makikita sa Figyur 2 na nasa itaas ang distribusyon ng populasyon na nagsasabing pinakamaraming mga Manobo ang bayan ng Loreto sa buong Lalawigan ng Agusan del Sur na siyang tagpuan ng kasalukuyang pananaliksik.

Kinikilala na ang minanang lupain o ancestral domain sa bayan ng Loreto ay ang 23 barangay na sinasabing tirahan ng mga Manobo simula pa noong unang panahon kaya dominado nila ang mga lugar na ito. Bilang kanilang ancestral domain, ang lokasyon ng Loreto ay may 182 kilometro ang layo mula sa Lungsod ng Butuan na may kabuuang lawak ng lupa na 185,054 ektarya. Hangganang nito ang silangang bahagi ng Lalawigan ng Veruela; sa timog na bahagi ng lalawigan ng Compostela Valley; sa hilagang bahagi ng Lalawigan ng La Paz; at sa kanluran naman ang bahagi ng Lalawigan ng Bukidnon.

III. Paglalahat At Pagtata-Lakay Sa Resulta Ng Pag-Aaral

Inilahad sa bahaging ito ang pananatili sa magandang kalikasan ng mga Manobo sa Loreto, Agusan del Sur na nalimi mula sa kanilang to ‘mgo ‘yagong ‘likat di’yàt kina’iyahan o mga tinig sa kalikasan, ang mga kuwentong bayan.

Kuwentuhan: Pagpapanatili ng Magandang Kalikasan na Makikita sa Kanilang To ‘mgo ‘Yagong ‘Likat Di’yàt Kina’iyahan

Noong unang panahon bago pa man naimbento ang pagsusulat, ang mga tao ay lumikha ng mga kuwento mula sa kanilang pagkagutom; gutom na nais mabigyang kaliwanagan ang mga mysteryong nagaganap sa kanilang palibot o mundo at gutom kung paano maibahagi ang kaluwalhati ng kanilang natamasa sa hitik at malusog na kalikasan. Ang mga kuwentong ito ay lumaganap sa iba’t ibang mga yugto sa kasaysayan ng tao sa pamamagitan ng kanilang mga bibig. Ang mga pasalitang panitikan, samakatuwid, ay isang pinakamabisang kagamitan sa pagbabahagi ng kanilang mga natatanging karanasan.

Batay sa paliwanag ni Nduka (2014) ukol sa pagkukuwento, aniya’y “Ang pagkukuwento ay isa sa pinakamatandang uri ng midyum sa pakikipag-ugnayan at komunikasyon sa kasaysayan ng tao. Bago ang pagsulat, ang mga kaganapan sa kasaysayan ay naipasa sa bawat henerasyon at napanatili gamit ang mga salaysay.” Sinang-ayunan naman ito nina Verbina at Damodaran (2013) na kahit sa mga lipunan ng ibang katutubo, ginagamit ang kuwento bilang isang midyum upang turuan, mapanatili ang pasalitang panitikan at mapahalagahan ang kanilang natatanging kulturang mga katutubo.

Ang mga Manobo sa Loreto bilang isa sa mga grupong katutubo ng Mindanao, ay may sariling nakagawian katulad ng kanilang uri ng pamumuhay, tradisyon at kaugalian na sumasalamin sa kanilang natatanging kultura. Ang kanilang pasalitang panitikan na sa bawat bibig

lamang pinapasa, ay nagmula sa kanilang mga damdamin, mithiin at tradisyon. Nagsisilbing gabay at inspirasyon ito sa kanilang pang-araw-araw na pakikibaka sa buhay.

Dahil ang mga tribong Manobo ay may natatanging kakanyahan sa pag-iingat ng kanilang kalikasan may itinalaga sila ng tagakuwento upang turuan ang bagong henerasyon sa pagpapanatili ng kanilang magandang kalikasan. Ganito ang nais ipahiwatig ni Ramos (2014:48; Kitagawa, 1985) na ang tao ay gumagamit ng mga kuwento na nagpapakita ng isang karanasang hindi kakayaning ipaliwanag ng simpleng salita bagkus ang mga iba't ibang simbolismo ang maglalahad ng nais ipahiwatig sa mga tagapakinig. Sa likod ng bawat pangunahing tauhan sa kuwento at pangyayari, dito unti-unting nililintang ng nagsasalaysay sa mga nakikinig ang kakaibang karanasang ibig tukuyin upang ipaliwang sa ganung paraan ang paniniwalang nabuo sa isipan. Sa puntong ito, ipinaliliwanag lamang na ang mga katutubo ay may kakayahan at malalim na kamalayan sa pagdama ng mga mabathalang pwersa na bumabalot sa kanyang buhay tungkol sa karanasang ispirituwal o sagrado. Kaya mula sa kuwento, ang karanasan sa diyos ng mga katutubo ay nakapaloob, kaya nararapat lamang na bigyang importansya ang mga kuwento na bahagi ng kultura na kung saan iniukit ng mga katutubo ang kanilang relihiyong paniniwala.

Makikita sa ibaba ang Talahanayan 1, ang isang (1) kuwentong bayan na nagpapakita ng pananatili ng magandang kalikasan ng mga Manobo sa kanilang To 'mgo 'Yagong 'Likat Di'yat Kina'yahan na inihayan sa anyong kalawakan.

Talahanayan 1. Kuwentong Bayan na Sumasalamin sa Anyong Kalawakan Bilang Pagpapanatili ng Magandang Kalikasan

Anyo	Pamagat /Genre/ Kowd	Salaaysay
1. <i>Kali'butan</i> (Kalawakan)	<i>To Is'turya ki 'Datù Buntaw</i> (Ang Istorya ni Datu Buntaw) Kuwentong Bayan – Salaysayin (KBS#20)	Aalis ako bukas nang hindi pa sumisikat ang araw. Tugon ni Iko sa dalawang asawa, p.71:55

Makikita sa Talahanayan 1 na may isang (1) kuwentong bayan na naglalarawan ng pagpapanatili ng magandang kalikasan sa anyong kalawakan katulad ng *To Is'turya ki 'Datù Buntaw* (Ang Istorya ni Datu Buntaw).

Pansinin ang himig ng kataga ng bahagi ng salaysay ng kuwentong bayan:

Aalis ako bukas nang hindi pa sumisikat ang araw. Tugon ni Iko sa dalawang asawa (KBS#20; p.391:55). (Akin ang salin.)

Napapansin ang salitang madaling araw na binanggit sa salaysay bilang bahagi ng kalawakan. Sa lahat ng mga elemento na matatagpuan sa kalangitan ng mga katutubong Pilipino, posible na ang araw ang pinakatinangi nila. Maliban sa ito ang pinagmumulan ng lakas at kapangyarihan, labis ang pangangalaga rito ng mga katutubo dahil ito ang nagbibigay gabay at

liwanag sa kanilang buhay. Pinag-uukulan pa nga nila ito ng iba't ibang paraan ng seremonya, ritwal, o dasal nang sa gayo'y marinig ng mga diwata ang suliranin, panaghoy, at mga pasasalamat ng mga katutubo (Tugano, 2020:66). Kaugnay rito, ganito rin ang ikinuwento o isinalaysay ni Datu Ginutawan Ento Urdanilla, 57 ng Sitio Pan-ajatan, Brgy. Kasapa, Loreto na napanayam noong Mayo 2017, aniya'y:

Malaki ang aking pasasalamat na ako'y binigyan ng lakas at talino ng aming panginoong Magbabaya upang maibahagi ang mga kuwentong bayan sa aking mga katribo na ipinasa ng mga ninuno sa akin nang sa ganitong paraan mapanatili namin ang aming magandang kalikasan. (Akin ang salin.)

Malinaw na ipinahayag ni Datu Urdanilla na ang kanilang namanang produktong kultural ay bahagi ng kanilang buhay mula pagsilang hanggang kamatayan at sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga ito sa kanyang kapwa at sa makabagong henerasyon mapapanatili at mapapahalagahan nila ang ukol sa kanilang mga iniingatang magandang kalikasan. Ang hindi pa sumisikat ang araw o madaling araw ay napakahalaga para sa mga katutubo ang panahon at oras upang makapagsimula sila sa kani-kanilang mga trabaho na hindi pa sumisikat si Haring Araw upang mahabang panahon ang kanilang iginugol sa kanilang pagtatrabaho.

Talahanayan 2. Mga Kuwentong Bayan na Sumasalamin sa Anyong Katubigan Bilang Pagpapanatili ng Magandang Kalikasan

Anyo	Pamagat /Genre/ Kowd	Salaaysay
2. <i>Kawo'higan</i> Katubigan) (tatlong kuwentong bayan)	<i>Ka'sinugudan no Wo'hig to "Tinigbasan</i> (Alamat ng Ilog Tinigbasan) Kuwentong Bayan – Alamat (KBA#3)	Dagdag ng nagsasalaysay, ang salitang “Tinigbasan” ay kuha sa maraming marka ng pagtaga ng mga itak sa malalaking batong mga nabiyak sa tabi ng ilog. Ito ang iniwang marka ng nagpatayan ang dalawang grupo ng mga katutubo at Magahat, p. 5:46-48.
	<i>Su'gilonon no Wo'hig to Ihawan</i> (Kuwento ng Ilog Ihawan) Kuwentong Bayan – Alamat (KBA#7)	Pinapaaalala ni Datu Rosal Diaganon, <i>tribal chieftain</i> ng barangay Sto. Niño na ang istorya ng ilog Ihawan ay may nagbabantay na higante sa ilalim ng ilog na may dalang malaki at matalim na itak. Sa tuwing may tumatawid sa ilog kaagad na pinagtaga ng higante ang mga tao na naging sanhi ng pagkalat ng kuwento. Nais man ng mga naninirahan sa barangay na ito na lumihis ng daan subalit walang ibang mararaan ang mga tao na hindi tumatawid sa ilog papuntang Poblasyon. Simula ito ng kababalaghang nangyari ng ilog Ihawan, p.16:45-48.
	<i>'Mgo In'dan no Ko'bong dow 'Yawa no Ka'kitàan Di'yàt 'Likat to 'Daplin to Pa'toy no Wo'hig to Umajam</i> (Mga Bakas ng Paa at Katawan na Makikita sa Tabi ng Patay ng Ilog Umayam) Kuwentong Bayan – Salaysayin (KBS#13)	Ayon sa salaysay ni Datu Simeon Lindahay, <i>tribal chieftain</i> ng barangay Magaud, sila ay naniniwala na ang mga unang taong naninirahan sa kanilang bayan ay ang mga higante. Katunayan, makikita pa hanggang ngayon ang bakas ng mga paa ng malalaking tao na halos pagdugtungin ang karaniwang laki ng paa ng kapat hanggang limang katao sa iisang bakas lamang. Makikita naman ang mga bakas na ito sa mga tabi ng ilog Umayam, p.31:6-8.

Inilahad sa Talahanayan 2 na may tatlong (3) to ‘mgo ‘yagong ‘likat di’yàt kina’iyahan o mga kuwentong bayan sa anyong katubigan bilang pagpapanatili ng magandang kalikasan katulad ng *Ka'sinugudan no Wo'hig to 'Tinigbasan* (Alamat ng Ilog Tinigbasan), *Su'gilonon no Wo'hig to Ihawan* (Kwento ng Ilog Ihawan), at *'Mgo In'dan no Ko'bong dow 'Yawa no Ka'kitàan Di'yàt 'Likat to 'Daplin to Pa'toy no Wo'hig to Umajam* (Mga Bakas ng Paa at Katawan na Makikita sa Tabi ng Patay ng Ilog Umayam).

Batay sa salaysay ng tagakuwento na si Datu Hawudon Marticiano Casal, 70 ng Brgy. Johnson, Loreto na napanayam noong Mayo 2017:

Kaming mga Manobo sa Loreto, hangad naming magkakaroon ng kapayapaan ang aming bayan subalit hindi maiiwasan ang pangangamkam ng mga ari-arian ang mga ibang grupong katutubo katulad ng mga grupong Magahat. Inatake nila ang aming bayan at dahil kulang ng sandata ang aming mga ninunong katutubo noon, sila ay natalo laban sa mga Magahat. Hindi man lamang nabigyan ng proteksyon ng mga lalaking Manobo ang kanilang kalahi. Pagkatapos ng patayan, ang grupong Magahat ang naninirahan sa aming bayan. Ang aming mga ninunong katutubo naman ay naninirahan lamang sa malapit sa lugar upang bantayan ang kanilang mga alagang hayop at pananim ngunit hindi sila makalapit sa kanilang bahay sapagkat papatayin sila ng mga grupong Magahat. Pagkatapos ng patayan, ang madugong pangyayaring ito ay dumating sa mga tainga ni Apo Gubat, ang kilalang bagani ng mga Manobo. Nilusob ng mga bagani ang nagpasimuno ng away. Natalo ang mga Magahat at umalis sa lugar ng mga katutubong Manobo. Ibinalik kay Apo Gubat ang lugar sa mga natalong katutubo. (Akin ang salin.)

Batay sa binanggit ni Garvan (1927:569) na sapagkat ang buhay at pamumuhay ng mga Manobo ng Agusan ay luntian at malusog dahil lahat ng mga bagay ay kanilang isinangguni sa kanilang mga ispiritung tagabantay ng kalikasan, hindi maiiwasan na hindi ito angkinin ng mga ibang grupo ang kanilang magandang kalikasan subalit sila nama'y binabantayan ng kanilang mga ninuno upang protektahan ang kanilang namanang kalikasan at maipamana pa sa mga sumusunod na henerasyon. Malinaw na ipinaliwanag ng tagakuwento na hindi nagtagumpay nang matagal ang mga Magahat sa kanilang lugar dahil tinulungan sila ng kanilang Apo Gubat.

Ang pagpatayan ng dalawang grupo ay nag-iwan ng mga marka na makikita pa rin sa kasalukuyan sa tabi ng ilog ng Tinigbasan. Pansinin ang katagang nasa ibaba:

Dagdag ng nagsasalaysay, ang salitang “Tinigbasan” ay kuha sa maraming marka ng pagtaga ng mga itak sa malalaking batong mga nabiyak sa tabi ng ilog. Ito ang iniwang marka ng nagpatayan ang dalawang grupo ng mga katutubo at Magahat.

Pinaniwalaan na ang ilog “Tinigbasan” ay nakatulong ng malaki para sa buhay ng mga katutubo dahil ito ang pinagmulan ng kanilang mga pang-araw-araw na pangangailangan (KBA#2, p. 326:46-48). (Akin ang salin.)

“Anupa’t may malagim na kuwento sa likod ng mga marka ng pagtaga ng mga itak sa malalaking batong nabiyak sa tabi ng ilog “Tinigbasan” na makikita pa hanggang ngayon sa lugar namin sanhi ng nagpatayan ng dalawang grupong katutubong Manobo at Magahat subalit hindi namin ito iniinda bagkus ginawa namin itong halimbawa na walang magandang idudulot ang pagkamasakim at pangangamkam ng lupang pinag-aari ng iba,” (dagdag na paliwanag ni Datu Hawudon Marticiano Casal). Ang mga yaman ng kalikasan ay itinuturing na karugtong ng buhay ng mga katutubo mula pagsilang hanggang kamatayan at ang kanilang mga kuwento ay danas ng kanilang buhay. Kahit magkakaiba man ng mga tribong nag-aaway-away subalit idugtong pa rin ng panahon ang kanilang pagkatao dahil iisa lamang ang kanilang dugong nanalaytay bilang mga katutubo.

Batay sa salaysay ng tagakuwento na si Datu Rosal Diaganon, 55 ng Brgy. Sto. Niño, Loreto na napanayam noong Mayo 2017:

Kaming mga katutubong Manobo na naninirahan sa bayan ng Loreto ay may malaking paniniwala sa mga ispiritu na hindi nakikita. May dalawang uri ang ispiritu; mabait at masama. Hindi namin mawari kung ang higanteng naninirahan sa ilalim ng Ilog Ihawan ay mabait ba o masama. Hanggang sa kalauna'y doon namin nalaman na ang higante ay nadisturbo sa kanyang mahimbing na pagkatulog sanhi sa ingay ng bangkang de motor. Kaya, nadesisyunan namin na kami ay gagamit ng tradisyunal na sasakyan; ang balsa o ang bangkang hindi de motor sa pagtawid sa ibang lugar sakay ang mga dalang produkto o mga pasahero. (Akin ang salin.)

Malay ang mga katutubong Manobo kung anong uring ispiritu ang kanilang tatawagin lalo na sa pagsasagawa ng ritwal upang ang kapahamakan ay maiiwasan.

Dagdag ni Datu Sandugan:

Nais naming ang kaalamang ito ay ibahagi sa aming mga kapwa nang sa ganoon ay malaman nila at ihanda ang kanilang mga sarili sa magiging mangyayari. (Akin ang salin.)

Kaugnay sa isinalaysay batay sa kanilang produktong kultural:

Pinapaaalala ni Datu Rosal Diaganon, tribal chieftain ng barangay Sto. Niño na ang istorya ng ilog Ihawan ay may nagbabantay na higante sa ilalim ng ilog na may dalang malaki at matalim na itak. Sa tuwing may tumatawid sa ilog kaagad na pinagtaga ng higante ang mga tao na naging sanhi ng pagkalat ng kwento. Nais man ng mga naninirahan sa barangay na ito na lumihis ng daan subalit walang ibang mararaanan ang mga tao na hindi tumatawid sa ilog papuntang Poblasyon. Simula ito ng kababalaghang nangyari ng ilog Ihawan, (KBA#7, p.338:45-48). (Akin ang salin.)

Kaugnay ito sa deskripyon ng Ethnic Groups of the Philippines (Pontemayor, 2019:2) ukol sa tribo:

According to oral tradition, the tribe originated from the river, as most of their houses were built next to it. Indeed, the river became the main source of food for the majority of the ethnic group because of its abundant fish and the edible plants that grow along the riverbanks.

Mahigpit ang paniniwala ng mga Manobo na ang tubig na dumadaloy sa mga pangunahing ilog ay dugo ng kanilang mga ninuno kung gayon na lamang ang kanilang pagpapahalaga sa katubigan dahil ito ay bunga ng kanilang pagsisikap na dapat panatilihin upang mayroon silang mapagkukunan araw-araw. Pinagsikapan nilang maprotektahan ang kanilang namanang magandang kalikasan laban sa mga manlulupig dahil sa ilog nagmula ang pangunahin nilang pangangailangan sa gawaing pangbahay at pamumuhay sa pang-araw-araw. Mahigpit ang kanilang paniniwala na sa mga ilog nagmula ang pagkaroon ng kanilang masukal na kagubatan at magandang produkto ng kanilang mga pananim dahil ito ang nagsuplay ng tubig para sa irigasyon

ng malalawak na ektarya ng palayan ng bayan sa Loreto. Samakatuwid, ito ang nagbigay deskripsyon sa kanilang damdamin sa kalikasan.

Ipinapakita ng mga Manobo na kaisa sila sa pagpapanatili ng kanilang namanang magandang kalikasan kaya ang mga pangyayaring ito ay kanilang ibinahagi sa kanilang kapwa upang maiwasan ang pagkaroon ng pagkawalay sa mga mahal sa buhay.

Sa kabilang dako, ipinaliwanag ni Datu Simeon Lindahay, 65 ng Brgy. Magaud, Loreto na napanayam noong Mayo 2017:

Kaming mga Manobo ng Loreto ay may malaking paggalang at pagpapahalaga sa mga salaysay ng aming mga ninuno. Katulad ng istorya ng higante na naninirahan sa ilog Ihawan, mayroon din kaming istorya na nangyari sa ilog Umayam kung saan makikita pa haggang kasalukuyan ang mga bakas ng malalaki at mahahabang sukat ng mga paa ng tao. (Akin ang salin.)

Pansinin ang himig ng salaysay:

Ayon sa salaysay ni Datu Simeon Lindahay, tribal chieftain ng barangay Magaud, sila ay naniniwala na ang mga unang taong naninirahan sa kanilang bayan ay ang mga higante. Katunayan, makikita pa hanggang ngayon ang bakas ng mga paa ng malalaking tao na halos pagdugtungin ang karaniwang laki ng paa ng kapat hanggang limang katao sa iisang bakas lamang. Makikita naman ang mga bakas na ito sa mga tabi ng ilog Umayam, (KBS#13, p.354:6-8). (Akin ang salin.)

Batay sa ipinaliwanag ni Evasco (p.87) na ang muli't muling pagsasalaysay ng mga kuwento ay nagsisilbing konsensya ng lipunan. Maaari itong magtakda ng limitasyon sa kilos at pag-iisip ng mga tao, lalo pa't kung babasahin sa literal at mababaw nitong kahulugan ang nilalaman ng mga salaysay. Ngunit kung patuloy namang sasaliksikin ang tagong talinghaga ng mga teksto, matatantong ito ay nakaaambag ng kaalaman ukol sa pagpapanatili ng kalikasan. Nangangahulugan lamang ito na ang mga kuwentong isinalaysay ng mga ninuno ay batay sa karanasan ng kanilang iniinugang mundo, ipinahayag ang kanilang mga damdamin, ipinaliwanag ang kanilang tagumpay, at naging batayan ng kanilang mga pangangatwiran at mga desisyon. Hindi matatanto kung ang istorya ukol sa mga higante ay tunay o hindi subalit nakaaambag naman ito ng mahahalagang leksiyon.

Malinaw sa iginawi sa karakter na si Dabao batay sa salaysay na siya ay mabuting kapatid na higante. Naging malupit lamang siya nang pinatay ang kanyang tatlong kapatid sa mga tauhan nito. Subalit, pinayuhan si Dabao ng diwata na wala siyang karapatang kitilin ang buhay ng mga kaaway. Dahil sa katagalang sakit na naramdaman, natumba si Dabao at nabagok ang ulo nito. Makikita pa hanggang ngayon ang bakas ng katawan ni Dabaw sa tabi ng ilog Umayam. May ilog pa noon sa lugar kung saan bumagsak ang katawan ni Dabaw. Nawala na lamang ang tubig dahil hindi ito makadaan dahil sa pagkaharang ng malaking katawan ng higante kung kaya tinawag nila itong patay na ilog Umayam.

Talahanayan 3. Kuwentong Bayan na Sumasalamin sa Anyong Kalupaan Bilang Pagpapanatili ng Magandang Kalikasan

Anyo	Pamagat/Genre/ Kowd	Salaaysay
3. <i>Kapa'sakan</i> (Kalupaan) (isang kuwentong bayan)	<i>Pinakama'buyut no Ba'gani</i> (Pinakamatapang na Mandirigma) Kuwentong Bayan – Salaysayin (KBS#15)	Ayon sa salaysay ni Datu Tinudlo, ang <i>Bagani</i> ay kilala rin bilang <i>pulahan</i> . Sila ang tinaguriang matatapang na mandirigma. Makilala ang isang <i>pulahan</i> kung ang isang tao ay may taling telang pula sa ulo. Magiging <i>pulahan</i> lamang siya kung siya ay nakapatay nang hindi bababa ng sampung katao, p. 49:1-3.

Makikita sa Talahanayan 3 na may isang (1) to ‘yagong ‘likat di’yàt kina’iyahan o kuwentong bayan na sumasalamin sa anyong kalupaan bilang patuluyang pagpapanatili ng magandang kalikasan katulad ng *Pinakama'buyut no Ba'gani* (Pinakamatapang na Mandirigma).

Pansinin ang mga kataga na nasa ibaba:

Ayon sa salaysay ni Datu Tinudlo, ang *Bagani* ay kilala rin bilang *pulahan*. Sila ang tinaguriang matatapang na mandirigma. Makilala ang isang *pulahan* kung ang isang tao ay may taling telang pula sa ulo. Magiging *pulahan* lamang siya kung siya ay nakapatay nang hindi bababa ng sampung katao, (KBS#15, p. 373:1-3). (Akin ang salin.)

“Ang paggamit ng pananakot ng mga *pulahan* laban sa aming mga walang sandata na walang ibang hangad kundi bigyang proteksyon ang aming namanang kalikasan ay patuloy na nakikipaglaban magkaubusan man ng lahi,” matapang na isinawalat ni Datu Tinudlo Julito Manadilong, 52 ng *Sityo Pan-ajatan, Brgy, Kasapa, Loreto* (Mayo 2017).

Maliwanag na ibinahagi ng tagakuwento na ang kanilang pakikipaglaban para sa kanilang ancestral domain - ang pangangalaga ng mga anyong lupa at anyong tubig ay napakatagal na simula noong nakaraang kolonyalismo hanggang sa kasalukuyang panahon. Kilala ang mga Lumad o bawat etniko ng Mindanao bilang mandirigma. Bawat pangkat ay nagsasagawa ng pananakop upang makakuha ng mga taong maging alipin. Higit na mas mahalaga sa mga panahong ito ang lakas-tao kaysa lupa. Tinatawag na pangayaw (pananakop) ang kanilang pagsugod dahil sa layuning makakuha ng mga alipin o maghiganti (Paredes, 1997:275). Ang tanging pangarap lamang nila ay ang mapasakanila muli ang lupa na batayan ng kanilang buhay, ang lupa na humuhubog ng kanilang kultura, tradisyon at pandaigdigang pananaw na may walang humpay na kasaysayan ng communal life and productive struggle with nature (Rallonza, 1996:109; Claver, *ibid*).

Mababanaag na sa pagtutulungan, mapapanatili ang kanilang namanang magandang kalikasan. Sapagkat kilala ang mga Manobo na may pagpapahalaga sa sarili kaya anumang

pagsubok na kanilang masusuungan, hindi sila manghihina bagkus nagkaisa sila upang mabigyang halaga ang kanilang pamanang yaman.

Talahanayan 4. Mga Kuwentong Bayan na Sumasalamin sa Anyong Kagubatan Bilang Pagpapanatili ng Magandang Kalikasan

Anyo	Pamagat/Genre/ Kowd	Salaaysay
4. <i>Kagu'yangan</i> (Kagubatan) (tatlong kuwentong bayan)	<i>To Iko, Pinaka'koy no Su'un to 'Datù Buntaw:</i> <i>Sam'puyùt Dadu'wa to 'mgo 'Bohi no Kina'buhi Ko!</i> (Si Iko, Panganay na Kapatid ni Datu Buntaw: 'Sandosenang mga Babae sa Buhay Ko!) Kuwentong Bayan – Salaysayin (KBS#21)	“Nais kong mag-asawa ulit dahil hindi ako mabigyan ng anak na lalaki ni Mandaya. Tatlong anak na namin na pawang mga babae lamang. Hindi ko man lamang maituro sa mga anak kong babae ang pagpunta sa kagubatan upang manghuli ng mababangis na hayop. Alam mo naman kapatid ko na pinagbawalan ang mga babae na pumunta sa mga kagubatan batay sa ating nakaugaliang tradisyon,” p. 67:23-25.
	<i>To Is'turya to Tato'yu no 'mgo 'Suun no Mado'jow no Di'wata</i> (Ang Istorya ng Tatlong Magkakapatid na Mababait na Diwata) Kuwentong Bayan – Salaysayin (KBS#22)	Pinaniwalaan ng mga nanirahan sa barangay Binucayan at kahit sa buong bayan ng Loreto na ang <i>batong pilas</i> (ang ibig sabihin nito ay kamukha ng Unggoy ang porma ng pinakamalaking bato) na matatagpuan sa kagubatan ng lugar na ito ay ang batong natabig ng unggoy na gumawa sana ng hagdan na gamit ang mga ipinatong-patong na mga bato papuntang langit. Makikita pa hanggang ngayon ang pinakamalaking bato na nakaharang sa bunganga ng kagubatan ng lugar ng Binucayan, p.77:53-54.
	<i>To No'sapad no Pignili'yagay to Dadu'wa no Migka'yain no Ti'bò</i> (Ang Naunsyaming Pagmamahalan ng Dalawang Magkaibang Tribo) Kuwentong Bayan – Salaysayin (KBS#25)	Si Tangkuyon ang naiwang buhay ng pamilyang Dibabawon na naninirahan noon sa gitna ng kagubatan ng bayan ng Loreto. Sinalakay ng mga grupong ng maitim na budhi ang pamilya ni Tangkuyon. Mabuti na lamang ay nakatago si Tangkuyon sa loob ng banga na sinidlan ng kanilang iinumang tubig kung kaya siya ang tinaguriang buhay na saksi ng pamilya. Sinadyang ipinasa ang istoryang ito ni Tangkuyon sa kanyang pinakapanganay na anak na lalaki upang ipabatid sa mga makabagong henerasyon na kung anumang mga hidwaang nangyari sa dalawang tribo noon ay hindi na mangyayari ngayon, p.94:3-6.

Ipinakita sa Talahanayan 4 ang tatlong (3) to ‘mgo ‘yagong ‘likat di’yàt kina’iyahan o mga kuwentong bayan na sumasalamin sa anyong kagubatan bilang patuluyang pagpapanatili ng magandang kalikasan katulad ng To Iko, Pinaka’koy no Su’un to ‘Datù Buntaw: Sam’puyùt Dadu’wa to ‘mgo ‘Bohi no Kina’buhì Ko! (Si Iko, Panganay na Kapatid ni Datu Buntaw: ‘Sandosenang mga Babae sa Buhay Ko!), To Is’turya to Tato’yu no ‘mgo ‘Suun no Mado’jow no Di’wata (Ang Istorya ng Tatlong Magkakapatid na Mababait na Diwata), at To No’sapad no Pignili’yagay to Dadu’wa no Migka’yain no Ti’bò (Ang Naunsyaming Pagmamahalan ng Dalawang Magkaibang Tribo).

Sa kagubatan ng mga katutubo partikular sa mga Manobo sa Loreto, malaki ang pagpapahalaga nila rito dahil ito ang lokasyon ng kanilang mundo. Bilang tunay na Manobo, nakatatak na sa kanilang pagkatao at identidad na magbibigay galang sa mga tagabantay ng kalikasan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ritwal. Nakikipag-ugnayan sila sa mga hindi nakikitang ispiritu upang sila ay gabayan sa kanilang pang-araw-araw na gawain at maiwasan ang kapahamakan.

Ang pangangaso ay bahagi ng nakaugaliang tradisyon ng mga Manobo. Bago dumako ang mga mangangaso sa kagubatan upang manghuli ng mababangis na hayop kailangang magsagawa muna sila ng ritwal na kung tawagin ay pang-uyagdok. Humihingi din ang mangangaso ng palatandaan sa pamamagitan ng huni ng ibon na kung tawagin ay Limukon o Bagtu. Kapag ang huni ng Limukon ay nagmula sa bahaging kanan ito ay nangangahulugan na ipagpatuloy ang kanilang pangangaso. Kapag ang huni naman ng Limukon ay nagmula sa kaliwang bahagi, hindi dapat ituloy ang kanilang nais sapagkat ito ay malas sa buhay. Kung ang huni naman ng Limukon ay nagmula sa itaas ng bahagi, ibig sabihin may mamamatay.

Ang mga kagamitan sa pangangaso ay katulad ng sibat (komag, tabae o bangkaw) na kasama nila sa pangangaso ang aso na kung tawagin ay tumawan o ido. Kapag lalaki ang aso, ang tawag nito ay butakae at malitan naman ang tawag kapag babae ang aso. Gumawa din sila ng bitag (lit-ag); gayong o buho na tabunan nila ng mga dahon ng kamote; betik o matutulis na mga kawayan; payo-payo/suyak, tagunday.

Ang paglalagay ng bitag (lit-ag) ng mangangaso sa kagubatan na palaging ginagawa ng mga Manobo ay simple at natural na paraan na hindi nakasisira sa kalikasan upang hindi madisturbo ang ibang nilalang na naninirahan sa kagubatan lalo na sa mga ispiritung tagabantay ng kalikasan. Pinagsisikapan ng mga Manobo na pananatilihin ang tradisyunal na pamamaraan ng pangangaso upang makatulong sa kalikasan.

Pansinin sa bahagi ng talata kung paano pinagsikapan ni Iko na magkakaroon ng anak na lalaki upang maipasa niya ang kaalaman sa pangangaso na kailanman’y hindi niya maipasa sa mga anak na babae dahil ito ay labag sa kanilang kultura:

“Nais kong mag-asawa ulit dahil hindi ako mabigyan ng anak na lalaki ni Mandaya. Tatlong anak na namin na pawang mga babae lamang. Hindi ko man lamang maituro sa mga anak

kong babae ang pagpunta sa kagubatan upang manghuli ng mababangis na hayop. Alam mo naman kapatid ko na pinagbawalan ang mga babae na pumunta sa mga kagubatan batay sa ating nakaugaliang tradisyon,” (KBS#21, p. 395:23-25). (Akin ang salin.)

Ipinaliwanag sa tagakuwento ni Datu Ginutawan Ento Urdanilla ukol sa pangangaso:

Kaming mga lalaking Manobo lamang ang may karapatang pumasok sa loob ng kagubatan dahil kami ay sinasanay o hinahasa ng aming mga ninunong lalaki kung paano makikipaglaban sa mababangis na hayop at paano rin maiiwasan ang mga bitag na inilagay ng ibang mga mangangaso. Ang mga babaeng Manobo ay pinagbawalan na pumasok sa kagubatan kung kaya sila ay nasa gawaing bahay at sa bukirin lamang. (Akin ang salin.)

Kaugnay sa binanggit ni Lucero (p. 89) na magkaiba ang trabaho ng katutubong lalaki sa katutubong babae. Ang kalalakihan ay nangangaso, nangingisda, naghahanap ng mga suso’t tulya, bungang-kahoy at ubod. Naglalaan sila ng mahabang panahon sa paglilinis at paghasa ng mga kampilan at iba pang sandata. Samantalang ang mga kababaihan naman ang naglilalang sa bukirin, nagtanim ng binhi ng palay, kamote, ube, tubó at saging. Sa artikulo ni Garvan (p.572) na pinamagatang A Survey of the Material and Sociological Culture of the Manobo of Eastern Mindanao na hindi binanggit ang katutubong babae na makisalamuha sa trabaho ng mga katutubong lalaki. Nagpapahiwatig lamang ito na may respeto o paggalang ang isa’t isa upang ang pagkakaunawaan at ang kapayapaan ay mananaig sa bawat kanila at ng kanilang komunidad.

Sa kabilang dako, tinawag ng diwang si Matiyangnon ang kanyang panginoong si Magbabaja upang humingi ng tulong na siya ay makaakyat sa langit upang makapiling niya ang panginoon. Kaya, inutusan ni Matiyangnon ang kaibigang Unggoy na gumawa ng hagdan gamit ang patong-patong na mga bato subalit ito ay natabig ng aso na pagmay-ari ng mangangaso.

Ganito ang himig ng kuwento:

Pinaniwalaan ng mga nanirahan sa barangay Binucayan at kahit sa buong bayan ng Loreto na ang batong pilas (ang ibig sabihin nito ay kamukha ng Unggoy ang porma ng pinakamalaking bato) na matatagpuan sa kagubatan ng lugar na ito ay ang batong natabig ng unggoy na gumawa sana ng hagdan na gamit ang mga ipinatong-patong na mga bato papuntang langit. Makikita pa hanggang ngayon ang pinakamalaking bato na nakaharang sa bunganga ng kagubatan ng lugar ng Binucayan, (KBS#22, p.407:53-54). (Akin ang salin.)

Mapapansin ang katutubong salitang batong pilas na ang ibig sabihin, kamukha ng unggoy ang porma ng malaking bato na nakaharang sa bunganga ng kagubatan na makikita pa hanggang kasalukuyan sa Barangay Binucayan ng Loreto, Agusan del Sur. Pinaniwalaan na ang lugar na ito ay sinumpa ni Matiyangnon dahil hindi natupad ang nais nito na makapunta ng langit. Bilang ganti ni Matiyangnon walang sinumang mangahas na pumasok sa kagubatan ng Binucayan lalo na sa pamumutol ng mga punongkahoy at pag-aangkin ng lupa dahil sila ay mapapahamak. Hindi sila makaligtas sa batong pilas dahil sadyang inilagay ni Matiyangnon ang kanyang kaibigang

Unggoy na bantayan ang kayamanang naroon sa loob ng kagubatan. Nagpapahiwatig lamang ito na ang bawat kayamanan na nasa loob ng kagubatan ay may hindi nakikitang tagabantay. Mangyari lamang na humihingi ng pahintulot at magbigay galang sa mga tagabantay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ritwal upang sila ay pagbigyan.

Sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang paniniwala ng mga matatanda ng taga Binucayan na ang naririnig nilang nakabibinging pinakamalakas na hiyaw ni Matiyangnon ay nagpapahiwatig na may dumating na mga taong labas na may masamang balak sa kanilang nakatagong kayamanan ng kalikasan. Upang mapanatili ang kanilang namanang magandang kalikasan lalo na sa mayamang kagubatan, ang tagakuwentong si Datu Melanio Noos, 70 ng Brgy. Binucayan, Loreto na napanayam noong Mayo 2017 ay hindi tumitigil sa pagkukuwento habang siya ay nabubuhay. Aniya'y, "ito lamang ang paraan upang maipalaganap na ang kuwentong inyong naririnig ay totoo at upang maiwasan ang pagpasok sa kagubatan na hindi masasaktan, kailangang makipag-ugnayan sa mga hindi nakikitang ispiritung tagabantay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ritwal upang ang kapahamakan ay maiiwasan."

Sa kuwento namang To No'sapad no Pignili'yagay to Dadu'wa no Migka'yain no Ti'bò (Ang Naunsyaming Pagmamahalan ng Dalawang Magkaibang Tribo), pansinin ang mga kataga na nasa ibaba:

Si Tangkuyon ang naiwang buhay ng pamilyang Dibabawon na naninirahan noon sa gitna ng kagubatan ng bayan ng Loreto. Sinalakay ng mga grupong ng maitim na budhi ang pamilya ni Tangkuyon. Mabuti na lamang ay nakatago si Tangkuyon sa loob ng banga na sinidlan ng kanilang iinuming tubig kung kaya siya ang tinaguriang buhay na saksi ng pamilya.

Sinadyang ipinasa ang istoryang ito ni Tangkuyon sa kanyang pinakapanganay na anak na lalaki upang ipabatid sa mga makabagong henerasyon na kung anumang mga hidwaang nangyari sa dalawang tribo noon ay hindi na mangyayari ngayon, (KBS#25, p.423:3-6). (Akin ang salin.)

Hindi maiiwasan na magkaroon ng tunggalian ukol sa mga pananaw ng bawat grupo. Subalit ang tunggaliang ito ay hinaluan ng paggamit ng dahas upang maisakatuparan ang kanilang mithiin at upang mabigyang proteksyon ang kanilang pamilya at komunidad. Dahil ang mga Manobo ay kilala bilang panatag at pinakaorganisadong kumikilos, maluwag nilang tinanggap ang mga pangyayari at matapang nilang hinaharap ang magiging kinalabasan ng kanilang pakikipaglaban. Tunay nga ang sinabi ng tagakuwento na si Datu Doronio Mambania, 53 ng Sityo Kapda, Brgy. Sabud, Loreto na napanayam noong Mayo 2017, aniya'y:

Ang pinakamithiin naming mga katutubo ay ang pananatilitilihin ang kapayapaan ng aming komunidad. Kung anuman ang sigalot na nangyari, hindi na iyon mauulit pa bagkus pinagsisikapan naming makatayo muli at ipagpatuloy ang pang-araw-araw na buhay.

Ang ginawang pagkilos ng mga Manobo ay isang simbolo ng kanilang pagsisikap na muling yakapin ang kapayapaan at muling pahalagahan ang mga naiwang likas yaman mula sa

mga ninuno dahil nananalaytay sa kanilang mga ugat ang determinasyon, lakas ng loob, at likas na talino. Batay sa binanggit ni Estacio (1995:74; Bennagen, et al., 1995), sa panahon ng matinding krisis, ay hinuhugot ng mga katutubo ang mayamang katutubong kaalaman at kasanayang pangkalikasan, kasama ng kanilang matatag na relasyong pampamayanan at ng pinanday ng panahon na mga pamamaraang pangkaligtasan para matugunan ang mga sakunang kultural at environmental."

Talahanayan 5. Mga Kuwentong Bayan na Sumasalamin sa Anyong Pananim Bilang Pagpapanatili ng Magandang Kalikasan

Anyo	Pamagat/Genre/ Kowd	Salaaysay
5. <i>Ka'buhan</i> (Mga pananim) (dalawang kuwentong bayan)	<i>Ka'sinugudan to Ma'kalibri</i> (Alamat ng Kamoteng Kahoy) Kuwentong Bayan – Alamat (KBA#1)	Isang gabi noon, may isang Datu na nanaginip. Nanaginip siya kay Apo Gubat, ang matapang na mandirigma. Sinabi ni Apo Gubat sa Datu na may isang tanim na mahahanap sa gilid ng ilog na puwedeng kainin upang maibsan ang kanilang gutom. Mahahanap din ang tanim na ito sa kanilang mga bukirin, p. 1:3-6.
	<i>Su'gilanon 'Bahin Ki A'pùr Bay'bajan</i> (Kasaysayan ni Apo Baybayan). Kuwentong Bayan – Mito (KBM#28)	Isang gabi, nanaginip si Gatob na may pagkain sa kanilang bahay. Nang siya ay gumising, hinanap niya ang pagkain ngunit ang kanyang nakita sa labas ng kanilang bahay ay isang nasunog na kahoy. Ito'y kanyang binalatan upang malaman kung ano ang nasa loob ng kahoy. Malaki ang paniniwala ni Gatob na ito ay pagkain ayon sa kanyang panaginip. Nang tinanggal niya ang nasunog na balat ng kahoy, tumambad sa kanya ang uri ng pagkain. Kanya itong tinikman ngunit ito ay hilaw na pagkain, p.114:99-104

Ipinakita sa Talahanayan 5 ang dalawang (2) to 'mgo 'yagong 'likat di'yàt kina'iyahan o mga kuwentong bayan na sumasalamin sa anyong pananim bilang patuluyang pagpapanatili ng kalikasan katulad ng *Ka'sinugudan to Ma'kalibri* (Alamat ng Kamoteng Kahoy), at *Su'gilanon 'Bahin Ki A'pùr Bay'bajan* (Kasaysayan ni Apo Baybayan).

Pansinin ang bahagi ng kuwento na nasa ibaba kung saan nagpakita si Apo Gubat sa panaginip ng isang Datu upang sila ay tulongan na mahanap ang kamoteng kahoy upang maibsan ang kanilang gutom:

Isang gabi noon, may isang Datu na nanaginip. Nanaginip siya kay Apo Gubat, ang matapang na mandirigma. Sinabi ni Apo Gubat sa Datu na may isang tanim na mahahanap sa gilid ng ilog na puwedeng kainin upang maibsan ang kanilang gutom. Mahahanap din ang tanim na ito sa kanilang mga bukirin, (KBA#1, p.322:3-6). (Akin ang salin.)

Sa lugar ng Kasapa na isa sa mga barangay ng Loreto, halos ang mga naninirahan doon ay ang mga katutubong Manobo. Dumating ang panahon na wala na silang makain. Nanaginip ang kanilang Datu kay Apo Gubat, ang matapang na mandirigma na nagwika na may isang tanim na mahahanap sa gilid ng ilog na puwedeng kainin upang maibsan ang kanilang gutom. Pagkagising ng Datu, dumiretso kaagad siya sa gilid ng ilog at hinanap ang isang tanim at ito nama'y kanyang nakita. Kinuha niya ito at ibinihagi sa kanyang kapwa. Pinangalanan nila ang halamang ugat na makalibri dahil nalibre ang kanilang gutom. Simula noon, sila'y nagtanim na ng makalibri.

Nangangahulugan lamang ito na hindi maaatim ng mga yumaong kamag-anak na magugutom ang kanilang mga buhay na kamag-anak. Kaya kailangang kumilos at magtanim upang may maaani gaya ng salawikain. Marahil, sinadya ni Apo Gubat na magpakita sa panaginip ng Datu upang patuluyang mapapanatili ang nakagawiang kaugalian ng mga Manobo ang pagtutulungan, mabuting ugnayan at paggalang ng bawa't isa at sa kalikasan.

Ang kuwentong ito ay maririnig pa rin hanggang ngayon dahil hindi nagsawa ang tagakuwento na si Datu Kaangayan Tony Liway, 62 ng Sitio Pan-ajatan, Brgy. Kasapa, Loreto na napanayam noong Mayo 2017, upang mapanatili ang kanilang minahal na magandang kalikasan. Dagdag niya ukol sa kahulugan ng kanilang panaginip:

Para sa inyong kaalaman, ang mga ispiritu, masama man o mabait ay pumasok sa aming panaginip upang ipabatid ang kanilang nais. Kaya ang panaginip para sa amin ay pinakamahalaga sapagkat ito ay may kahulugan mabuti man o masama. (Akin ang salin.)

Sa kabilang dako, sa kuwentong Su'gilanon 'Bahin Ki A'pùr Bay'bajan (Kasaysayan ni Apo Baybayan), nanaginip rin si Gatob ng pagkain.

Pansinin ang bahagi ng salaysay na nasa ibaba:

Isang gabi, nanaginip si Gatob na may pagkain sa kanilang bahay. Nang siya ay gumising, hinanap niya ang pagkain ngunit ang kanyang nakita sa labas ng kanilang bahay ay isang nasunog na kahoy. Ito'y kanyang binalatan upang malaman kung ano ang nasa loob ng kahoy. Malaki ang paniniwala ni Gatob na ito ay pagkain ayon sa kanyang panaginip. Nang tinanggal niya ang nasunog na balat ng kahoy, tumambad sa kanya ang uri ng pagkain. Kanya itong tinikman ngunit ito ay hilaw na pagkain, (KBM#28, p.442:99-104). (Akin ang salin.)

Batay sa salaysay, si Gatob o Baybayan ay sugo ng kanilang panginoon. Inuutusan ng kanilang panginoon si Gatob kasama nito ang pamilya at katribu na magtago sa loob ng kweba dahil susunugin ng panginoon ang hindi sumusunod sa kanya. Pagkatapos ng malaking sunog, naghahanap ng pagkain sila Gatob subalit wala silang nakita. Hanggang isang gabi, siya ay nanaginip ng isang tanim upang maibsan din ang kanilang gutom. Pagkagising niya, hinanap niya ang tanim at ito ay kanyang nakita. Tinikman niya subalit ito ay hilaw. Nakita siya ng kanyang asawa at sinabing ito ay lulutuin, pagkatapos, ipinamahagi ni Gatob ang pagkain sa komunidad.

Mulat sa katotohanan ang mga Manobo na ang kanilang lupa kasama ang tanim na tumutubo ay hindi nila itinuturing na “pag-aari” bagkus ay pinamamahalaan lamang upang mas mapayaman para sa Lumikha, kanilang buong pamilya, gayundin sa iba pang naninirahan sa kanilang lupa. Ang ganitong saloobin ang siyang nagtutulak ng isang pakikipagrelasyon sa lupa na nakabatay sa birtud ng malalim na respeto para sa iba pang bahagi ng kalikasan kasama ang susunod na henerasyon. Gaya ng paniniwala ng mga Manobo na sa pagsasagawa ng ritwal ito ay simbolo ng paggalang at pagmamahal sa mga tagabantay ng kalikasan at kung anumang maging bunga nito ay ibinabahagi sa mga mamamayan bilang pakikiisa.

Talahanayan 6. Mga Kuwentong Bayan na Sumasalamin sa Anyong Hayop Bilang Pagpapanatili ng Magandang Kalikasan

Anyo	Pamagat/Genre/ Kowd	Salaaysay
6. <i>Kaba'kaean</i> (Mga Hayop) (apat na kuwentong bayan)	<i>To Pigtag-i'nop ki Kapkap</i> (Ang Panaginip ni Kapkap) Kuwentong Bayan – Pabula (KBS#10)	Sinabi ni Datu Subla ng Sitio Kapda, ang lugar na ito ay wala pang pangalan noon nang sila ay nagsimulang naninirahan sa lugar. Ayon sa kanyang natandaan, mayroong istoryang ipinasa sa kanya mula sa lola ng kanyang lola tungkol sa isang babaeng palaka na nagngangalang si Kapkap, p. 23:3-4.
	<i>Pig'tugun no 'mgo 'Patyukan</i> (Mensahe ng mga Bubuyog) Kuwentong Bayan-Salaysayin (KBS#14)	“Sa pamamagitan ng iyong tulong Bangunay, maihatid mo sa amin ang mensahe mula sa aming mga pamilya at maihatid mo rin ang mensahe namin para sa kanila,” nagpakumbabang humihiling ang mga bubuyog kay Bangunay at lumilipad ang mga bubuyog papalayo kay Bangunay na may ngiti – ngiti ng pag-asa, p.43:186.
	<i>Si'kan no Pig'ti'yahù to Maruha</i> (Ang Tumatangis na si Maruha) Kuwentong Bayan – Salaysayin (KBS#18)	Walang hinto ang pagtatangis ni Maruha hanggang siya ay nakatulog. Sa kanyang panaginip, kinausap siya ng limokon. Winika ng limokon, “Maruha, makinig ka. Pakinggan mo ng maiigi ang aking huni sapagkat ito ay may kaakibat na kahulugan. Kung sa akala mo ang aking huni ay nasa iyong kanan ibig sabihin maganda ang iyong kinabukasan. Kapag ako nama'y humuhuni sa iyong kaliwa, malas ang magiging mithiin mo sa buhay. Kapag ang narinig mong huni ay nanggaling sa itaas ito ay ibig sabihin na may nag-aabang na panganib sa iyo o maaaring ikaw ay mamamatay, p.56:49-55.

	<i>Su'gilonon 'Bahin ki 'Datù Uyjahay</i> (Kasaysayan ni Datu Uyjahay) Kuwentong Bayan – Salaysayin (KBS#19)	Isang gabi, nanaginip si Uyjahay ng isang matandang babae. Ang sabi ng matandang babae kay Uyjahay, “Uyjahay, dalhin mo ang iyong aso at tanggapin mo ang baboy na aking ibibigay sa iyo,” p. 60:21.
--	---	--

Sa Talahanayan 6 makikita ang apat (4) na to ‘mgo ‘yagong ‘likat di’yàt kina’iyahan o mga kwentong bayan na sumasalamin sa anyong hayop bilang patuluyang pagpapanatili ng kalikasan katulad ng To Pigtag-i’nop ki Kapkap (Ang Panaginip ni Kapkap), Pig’tugun no ‘mgo ‘Patyukan (Mensahe ng mga Bubuyog), Si’kan no Pig’ti’yahù to Maruha (Ang Tumatangis na si Maruha) at Su’gilonon ‘Bahin ki ‘Datù Uyjahay (Kasaysayan ni Datu Uyjahay).

Sa kuwento, si Kapkap ang babaeng palaka ay napakabait at napakamatulungin sa kapwa, kaya siya ay minamahal ng kanyang komunidad.

Batay sa isinalaysay ni Condrado Subla, 70 ng Sityo Kapda, Brgy. Sabud, Loreto na napanayam noong Mayo 2017:

Iisa lamang ang nais ipahiwatig ng palaka na si Kapkap, binabantayan niya ang mga ninuno namin noon na kahit wala na siya. Kailangan niyang panatilihin at maging payapa ang aming lugar sapagkat iyon ang gusto para sa amin.

Napag-usapan ng mga ninuno namin na ang ipapangalan sa lugar na kanilang tinitirahan ay “kapkap,” kuha sa namatay na palaka na nagpapaalala sa aming mga ninuno na kailangang panatilihin ang pagkakaisa at kapayapaan ng aming lugar. (Akin ang salin.)

Malinaw na ipinaliwanag ng tagakuwento na kahit hayop ay nakatutulong sa kalinisan ng kapaligiran. Nagpapahiwatig lamang ito na hindi kayang panatilihin at pahalagahan ang kalinisan ng kapaligiran ng nag-iisang tao lamang, nangangailangan ito ng pagtutulungan upang magkaroon ng malusog, luntian at payapa ang kapaligiran.

Tunghayan ang bahagi ng salaysay:

Sinabi ni Datu Subla ng Sitio Kapda, ang lugar na ito ay wala pang pangalan noon nang sila ay nagsimulang naninirahan sa lugar. Ayon sa kanyang natandaan, mayroong istoryang ipinasa sa kanya mula sa lola ng kanyang lola tungkol sa isang babaeng palaka na nangganggalang si Kapkap, (KBS#10, p. 344:3-4). (Akin ang salin.)

Nais ni Kapkap na mananatili ang ugnayang magiging payapa ng kanyang komunidad at ng ugnayan ng kalikasan kaya sinikap niyang magparamdam kahit siya ay namatay na.

“Madali para sa aming mga Manobo na maniwala sa istoryang ibinahagi ng aming mga ninuno dahil ang palaka bilang hayop ay bahagi ng kalikasan at kaming mga Manobo at ang kalikalasan ay iisa,” (dagdag na sinabi ni Datu Subla).

Tunay nga ang sinabi ni Datu Subla sapagkat tangan ng mga mangangasong Manobo ang kanilang mga aso. Malaki ang naitulong nito sa pangangaso dahil hinahabol nito ang mga ligaw na hayop sa kagubatan.

Samantala, nakipag-ugnayan ang mga insekto o hayop sa mga tao upang ipabatid sa mga tao na may nais silang ihatid na mensahe nito.

Tunghayan ang bahagi ng talata:

“Sa pamamagitan ng iyong tulong Bangunay, maihatid mo sa amin ang mensahe mula sa aming mga pamilya at maihatid mo rin ang mensahe namin para sa kanila,” nagpakumbabang humihiling ang mga bubuyog kay Bangunay at lumilipad ang mga bubuyog papalayo kay Bangunay na may ngiti – ngiti ng pag-asa, (KBS#14, p.372:186). (Akin ang salin.)

Ang mga bubuyog na tumulong kay Bangunay ay dating mga tao. Naging bubuyog sila dahil hindi nila nasagot ang katanungan ng haring engkanto nang sila ay napadako sa kagubatan. Tumutulong ang mga bubuyog sa mga taong nawawala sa kagubatan upang makalabas at makauwi sa kanilang bahay sa pamamagitan ng panaginip ng mga tao. Metapora ito ng magandang ugnayan ng tao at kalikasan. Sinunod ni Bangunay ang taktikang ibinigay ng mga bubuyog at siya ay nakasagot sa katanungan ng enkantong hari. Bilang utang na loob, tinanong ni Bangunay sa mga bubuyog kung mayroon ba silang mensaheng ipaabot sa kanilang mga pamilya. Nagpapahiwatig lamang ito na patuloy na inaalagaan ng mga Manobo ang kanilang magandang ugnayan sa kalikasan.

Ang tinig ng ibong limokon na kung tawagin sa Ingles ay turtledove, na para sa mga Manobo ito ay pinakamahalaga. Binabatay nila ang pagsimula ng kanilang mga ekonomikal na gawain sa tinig ng ibong limokon. Minsan ang sagot ng kanilang mga tanong ay mahahanap sa kanilang mga panaginip. Nagpakita ang limokon sa panaginip ni Maruha:

Walang hinto ang pagtatangis ni Maruha hanggang siya ay nakatulog. Sa kanyang panaginip, kinausap siya ng limokon. Winika ng limokon, “Maruha, makinig ka. Pakinggan mo ng maiigi ang aking huni sapagkat ito ay may kaakibat na kahulugan. Kung sa akala mo ang aking huni ay nasa iyong kanan ibig sabihin maganda ang iyong kinabukasan. Kapag ako nama’y humuhuni sa iyong kaliwa, malas ang magiging mithiin mo sa buhay. Kapag ang narinig mong huni ay nanggaling sa itaas ito ay ibig sabihin na may nag-aabang na panganib sa iyo o maaaring ikaw ay mamamatay, (KBS#18, p.381:49-55). (Akin ang salin.)

Batid ng mga Manobo ng Loreto kung gaano pinahalagahan, nirespeto at minahal ang kanilang angking mayamang kalikasan na siyang paraan upang tuluyang mapanatili ang kanilang

mga nakasanayan o tradisyunal na gawain – ang pagriritwal bilang pagbibigay galang sa kanilang pinaniniwalaang mga nilalang na maaaring hindi nakikita ngunit bahagi ng kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Binanggit ng tagakuwento na si Datu Simeon Lindahay:

“Paulit-ulit kong isasalaysay ang kuwentong ito sa makabagong henerasyon upang maunawaan ng mga kabataan ang tunay na kahulugan ng istorya lalo na sa ibong limokon na malaking bahagi para sa aming mga Manobo. Kailangang irespeto ang boses nito upang ang kapahamakan ay maiiwas.” (Akin ang salin.)

Mariing ipinaalaala ng tagakuwento ang paulit-ult na pagsasalaysay sa mga makabagong henerasyon bilang paraan sa patuluyang pagpapanatili ng kanilang magandang kalikasan.

Sa kabilang dako, si Uyjahay ay sobrang napakahirap. May lima siyang mga anak. Sa sandaling nakakuha siya ng maliit na hayop sa kagubatan, binahaginan niya kaagad ng maliit na bahagi ng karneng hayop ang nakaaangat na kapatid na si Ki-obuk. Subalit siya’y tinanggihan dahil hindi kailangan ng kanyang mayamang kapatid ang maliit na karne. Nanlumong bumalik sa bahay ang mahirap na kapatid. Isang gabi, siya ay nanaginip, tinulungan siya ng isang matandang babae. Hindi man tahasang ipinakita sa salaysay ang pagsasagawa ng ritwal subalit iyon ang ginagawa ni Uyjahay bilang pagbigay galang kay Magbabaja at Tagbanwa. Nagpapaaalala lamang ito na ang pagsasagawa ng ritwal ay isang mabisa at magandang paraan upang sila ay muling pahintulutan at pagbigyan ng kalikasan:

Ang sabi ng matandang babae kay Uyjahay, “Uyjahay, dalhin mo ang iyong aso at tanggapin mo ang baboy na aking ibibigay sa iyo,” (KBS#19, p. 386:21). (Akin ang salin.)

Ang mga grupong katutubo ay may sariling pamamaraan sa paghahanda ng pangangaso gamit ng kanilang mga tradisyunal na patibong. Mababanaag na simple lamang ang paraan ng pangangaso ng mga Manobo sa Loreto ang paggamit ng lit-ag at bangkaw. Nagsasama rin sila ng asong tumawan na magagamit sa paghabol sa mga ligaw na hayop. Ang paraang ito ay epektibong nagamit ng mga Manobo at nakagawiang paraan na hindi nakabulabog sa mga ligaw na hayop.

IV. Kongklusyon

Malinaw na lantay kalikasan ang nalikom at nadalumat na labing apat (14) na pasalitang panitikang kuwentong bayan ng mga Manobo sa Loreto, Agusan del Sur. Ang mga ito ay naglalarawan at nagpapatunay sa nakamihansang pananatili ng kanilang namanang magandang kalikasan.

Mula sa labing apat (14) na kuwentong bayan ay kinikitaan ng anim (6) na uri ng anyong kalikasan katulad ng kalawakan (ka'libutan), katubigan (kawo'higan), kalupaan (kapa'sakan), kagubatan (kagu'yangan), mga pananim (ka'buhian) at mga hayop (kaba'kaean).

Mula sa dinalumat na mga anyo ng kalikasan gamit ang to 'mgo 'yagong 'likat di'yat kina'iyahan o mga tinig ng kalikasan, natuklasan na sa bawat anyo ay may natatanging kakanyahan sa pag-iingat ng kalikasan sa pamamagitan ng tagakuwento upang turuan ang mga kabataan na mahalín ang kanilang namanang magandang kalikasan.

V. Rekomendasyon

Pinaniniwalaang sa pamamagitan ng edukasyong pang-ekolohiya matatamo ang mas sustinableng paraan sa patuluyang pagpapanatili ng kalikasan. Inirekomenda na ang mga pasalitang kuwentong bayan ay patuloy na isasalaysay at ibabahagi sa kanilang pamilya at sa komunidad ng mga katutubo upang sa ganoon mapapanatili ang kanilang inaalagaang kalikasan. Mas magandang gawin na isasakomiks ang mga nakalap na pasalitang panitikan gamit ang kanilang wika at isasalin sa wikang Filipino para sa ikauunawa ng bumabasa at magamit din itong lunsaran sa mga aralin sa wika at panitikan alinsunod sa Mother Tongue Based Multi-Lingual Education (MTB-MLE).

MGA REPERENSYA

- [1] Barry, P. (2002). *Beginning theory: An introduction to literary and cultural theory*. 2nd ed. Manchester and New York: Manchester University Press.
- [2] Du, N.O. (2014). Pagdalumat sa mga sinaunang di-materyal na kultura ng mga B'laan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato mula sa kanilang kwentong bayan. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 2 (6), p.158-163.
- [3] Estacio, L.R. (1995). Ang antropolohiya ng disaster sa punto de bista ng mga Ayta (Ang mga Ayta ng Banawem, Maloma, San Felipe, Zambales Silang isang halimbawa). Kinuha noong Marso 1, 2016 sa <http://116.50.242.171/PSSC/index.php/agt01/article/view/1758/1625>
- [4] Evasco, E.Y. (2000). Sa pusod ng lungsod: Mga alamat, mga kababalaghan bilang mitolohiyang urban. *Humanities Diliman*, Vol. 1, No. 1 pp.69-91.
- [5] Felix, M.L.E. (2004). Exploring the indigenous local governance of Manobo tribes in Mindanao. *Philippine Journal of Public Administration*, Vol. XLVIII, Nos.1 & 2 (January-April 2004).
- [6] Fenn, V. (2015). *Roots of ecocriticism: An exploration of the history of ecocriticism, a literary theory of the post-modern world*. *Veda's Journal of English Language and Literature (JOELL)*, Vol. II, Issue 2 (December 2015).
- [7] Garvan, J.M. (1931). *The Manobos of Mindanao*. *Memoirs of the National Academy of Sciences*, Vol. XXIII. Washington, United States: Government Printing Office.
- [8] Glotfelty, C. (1996). Introduction: Literary studies in an age of environmental crisis. In C. Glotfelty & H. Fromm (Eds). *Athens, Georgia: University of Georgia Press*.

- [9] Iseke, J. (2013). Indigenous storytelling as research. *International Review of Qualitative Research*, Vol. 6, No. 4, Winter 2013, pp. 559–577.
- [10] Lucero, R.C. (2002). Ang dalumat ng panahon at espasyo sa mga traki ng Dulangan Manobo. *Humanities Diliman*, (January-June 2002), Vol. 3. No. 1, pp. 69-104.
- [11] Mendoza, R.C. & Barbosa, E.B. (2020). An analysis of Obo Manobooral folk stories. *Kinuha noong Mayo 2021* sa https://www.researchgate.net/publication/342144890_AN_ANALYSIS_OF_OBO_MANOBO_ORAL_FOLK_STORIES.
- [12] Mishra, S.K. (2016). Literature adapted into film: An ecocritical analysis of Chander Pahar (The Mountain of the Moon). *Literature and world cinema*, 67. *Kinuha noong Mayo 2021* sa <https://scholar.google.com.ph/>
- [13] Naval, J.Y. (2016). Ang etika at estetika ng palay at lupa: Isang pag-unawa sa ethos ng pagpapalayan mula sa land ethic at aesthetics ni Aldo Leopold. *Philippine Social Sciences Review*, Vol. 68, No. 2 pp.47-5.
- [14] Nduka, E. (2014). Preserving the Igbo cultural dogmas via literature. Mula Chinua Achebe at Onyeka Nwelu. *Kinuha sa* http://africanhadithi.com/article/1591288599/Preserving_The_Igbo_Cultural_Dogmas_via_Literature.
- [15] Paredes, O.T. (1997). Higaunon resistance and ethnic politics in Northern Mindanao. *Kinuha noong Disyembre 10, 2020* sa <http://profile.nus.edu.sg/fass/seaomtp/paredes%20higaunon%20resistance.pdf>.
- [16] Rallonza, L.V. (1995). Ang kapaligiran at ang mga katutubong Filipino: Isang pagsusuri ng fundamental na epekto ng pambansang kaunlaran. *MALAY Tomo. Vol. 13*, pp.103-120.
- [17] Salazar, Z.A. (2004). Kasaysayan ng kapilipinuhan (Bagong balangkas). *Lungsod ng Quezon*.
- [18] Tatel, R.D. (2013). Pag-iimahen sa Batang “Katutubo” sa Ilang Piling Kuwentong Pambata: Sipat at Siyasat sa Kolonyal na Diskurso ng “Tribe” (Imaging the “Indigenous” Child in Selected Stories for Children: Revisiting and Revisioning “Tribe” as a Colonial Discourse). *Humanities Diliman. (January-June 2018) 15:1*, 57-84.
- [19] Tomaquin, R.D. (2013). The history, world views and socio-cultural transition of the Manobolandia. *International Journal of Education Research. Vol. 1, No. 12*.
- [20] Tugano, A.C. (2020). Mga elementong katutubo at pakahulugan sa mga pananagisag sa Nagcarlan underground cemetery, Nagcarlan, Laguna. *Tala 3:2*; 31-118.
- [21] Verbina, H. A., & Damodaran, G. R. (2013). Tradition of oral literature in the works of Chinua Achebe - An insight. *Iprenisinta sa 9th International Writers Festival – India (An International Conference of Poets, Writers, and Scholars). Nellore, Andhra Pradesh, India. Nakuha mula sa* <http://www.kaflaintercontinental.com/writings/articles/A.Hazel.Verbina.htm>
- [22] Villafuerte, P.V., et al. (2000). *Panitikang panrehiyon sa Pilipinas. Valenzuela City. Mutya Publishing House.*
- [23] Villapa, J.A. (2017). Katutubong panggagamot ng pangkat-etnikong Pala’wan sa Brooke’s Point at Bataraza, Palawan. *Tomo, Vol. 6, No. 1*.

Mga Panayam:

Datu Rosal Diaganon, 55

Datu Ginutawan Ento Urdanilla, 57

Datu Kaangayan Tony Liway, 62

Datu Simeon Lindahay, 65

Datu Doronio Mambania, 53

Datu Tinudlo Julito Man-adilong, 52

Datu Condrado Subla, 70

Datu Melanio Noos, 70

Datu Hawudon Marticiano Casal, 70h